

GABAY SA MABILIS NA PAGSISIMULA NG NEGOSYO

# MGA RESTAWRAN, BAKERY, AT BAR

## May Libreng Isa-sa-Isang Pagkonsulta

May mga center na nagbibigay ng teknikal na tulong sa maliliit na negosyo sa buong Estado ng California upang magbigay sa inyo ng libreng direktang isa-sa-isang suporta.

**Upang mahanap ang pinakamalapit na center sa inyo, bisitahin ang centers.calosba.gov**

Copyright Ang Lahat ng Karapatan ay Nakalaan

# GABAY SA MABILIS NA PAGSISIMULA NG NEGOSYO

## PARA SA MGA RESTAWRAN, BAKERY, AT BAR

Ang isang retail na tindahan ay direktang nagbebenta ng mga produkto sa mga mamimili. Ang impormasyon na ibinigay ninyo sa ibaba ay nilalayon para sa mga retailer ng general merchandise. Mahalagang tandaan na kinokontrol ang ilang bagay, gaya ng alak, pagkain, armas, tabako, at gulong, nang higit sa impormasyong ibinigay sa Gabay sa Mabilis na Pagsisimula na ito.

### SA ANTAS NG ESTADO AT PEDERAL:

- **Kodigo sa Pagbebenta ng Pagkain sa California (California Retail Food Code)** – Ang Kodigo ng California sa Kalusugan at Kaligtasan ay nagtataguyod ng mga kinakailangan para sa kaligtasan ng pagkain, kabilang ang kalinisan, paglilinis at pag-sanitize ng mga kagamitan at kubyertos, pag-iimbak at pagtatago ng pagkain, at mga pasilidad na pang-janitorial.
  - Programa sa Kaligtasan ng Pagkain: https://www.cdph.ca.gov/Programs/CEH/DFDCS/Pages/FDBPrograms/FoodSafet yProgram.aspx
  - Mga Sertipikasyon: Dapat masertipika sa kaligtasan ng pagkain ang hindi bababa sa isang empleyado sa pamamagitan ng pagpasa sa isang aprubadong eksaminasyon para sa Sertipikasyon ng Kaligtasan ng Pagkain (Food Safety Certification), at lahat ng iba pang empleyado na kasangkot sa paghahanda, pag-iimbak/pagtatago, o pagserbisyo ng pagkain sa isang pasilidad para sa pagkain ay dapat makakuha ng Food Handler Card.
- **Lisensya sa Alak** – Ang mga negosyong nagbebenta ng alak ay dapat kumuha ng lisensya mula sa California Department of Alcoholic Beverage Control (ABC).
  - Paglilisensya ng ABC: https://www.abc.ca.gov/licensing/apply-for-a-new-license/
- **Pag-file sa California Secretary of State (SOS)** – Hindi kinakailangan para sa mga sole proprietor, ngunit kung balak ninyong magbuo ng korporasyon, limited liability company, o partnership; dapat kayong mag-file sa SOS.
  - Mga Form ng SOS: http://www.sos.ca.gov/business/be/forms.htm.
- **Mga Buwis sa Kita** – Ang lahat ng negosyo ay kinakailangang mag-file ng buwis sa kita ng estado (state income tax) sa Franchise Tax Board (FTB) at mga Pederal na Buwis sa Internal Revenue Service (IRS):
  - FTB: https://www.ftb.ca.gov/businesses/index.shtml?WT.mc_id=Global_Businesses_Tab
  - IRS: https://www.irs.gov/businesses/small-businesses-self-employed
- **Buwis sa Pagbenta at Paggamit** – Kung magbebenta kayo ng pisikal na ari-arian, kumonsulta sa California Department of Tax and Fee Administration (CDTFA) para sa Seller's Permit. Maaari din kayong magkwalipika para sa Sertipiko ng Muling Pagbenta (Resale Certificate). *Tandaan: Ang mga aktibidad na ito ay dating pinapangasiwaan ng Board of Equalization (BOE).*
  - Impormasyon tungkol sa Seller's Permit: http://www.cdtfa.ca.gov/services/permits-licenses.htm
  - Impormasyon sa Resale Certificate: https://www.cdtfa.ca.gov/formspubs/pub103/
  - Form para sa Resale Certificate: https://www.cdtfa.ca.gov/formspubs/cdtfa230.pdf
  - Impormasyon sa Buwis para sa Online na Benta: https://www.cdtfa.ca.gov/services/

- **Para sa mga Employer** – Kung magkakaroon ng mga empleyado ang inyong negosyo, alamin ang mga sumusunod:
  - **Mga Sahod, Oras, at Kondisyon ng Pagtatrabaho** – Ang mga negosyo na may mga empleyado ay dapat sumunod sa mga batas na nagtataguyod ng mga minimum na pamantayan para sa mga sahod, oras at kondisyon ng pagtatrabaho.
    Sumangguni sa website ng California Department of Industrial Relations sa: https://www.dir.ca.gov/dlse/
  - **Bayad sa Manggagawa** – Ang mga negosyo na may mga empleyado ay dapat magpanatili ng pagsaklaw ng Insurance sa Bayad sa Manggagawa (Worker's Compensation Insurance).
    Sumangguni sa website ng California Department of Industrial Relations
    Sa: https://www.dir.ca.gov/dwc/
  - **Pagrerehistro sa Employment Development Department (EDD)** – Ang isang employer ay kinakailangan na mag-file ng Registration Form sa loob ng 15 araw pagkatapos magbayad ng higit $100 na pansahod sa isa o higit pang mga empleyado. Sumangguni sa website ng California EDD sa http://www.edd.ca.gov/Payroll_Taxes/Am_I_Required_to_Register_as_an_Employer.htm#b usiness_sub ject.
  - **Federal Employer Identification Number (EIN)** – Ang mga employer na may mga empleyado, partnership sa negosyo, at korporasyon, ay dapat makakuha ng Federal EIN mula sa IRS. Ang mga negosyo ay maaaring makakuha ng mga naaangkop na mga pederal na income tax form mula sa lugar na ito. Sumangguni sa website ng IRS sa: https://www.irs.gov/businesses/small-businesses-self-employed/employer-id-numbers

**SA LOKAL NA ANTAS:**

- **Lisensya ng Negosyo** – Inaatas ng karamihan sa mga lokal na pamahalaan ang lisensya sa negosyo (o pagrerehistro sa pagbubuwis ng negosyo o business tax registration). Kung ang inyong negosyo ay nasa incorporated na lungsod, kontakin ang lungsod. Kung ang inyong negosyo ay nasa isang unincorporated area, kontakin ang county.
- **Zoning** – Kung kayo man ay magiging isang negosyong nakabase sa bahay o mag-ookupa ng isang komersyal na espasyo, kumonsulta sa inyong lokal na kagawaran sa pagpaplano upang matiyak na pinahihintulutan ang inyong mga aktibidad sa negosyo. Kung ang inyong negosyo ay nasa incorporated na lungsod, kontakin ang lungsod. Kung ang inyong negosyo ay nasa isang unincorporated area, kontakin ang county.
- **Fictitious Business Name** – Kinakailangan ang pahayag na Fictitious Business Name o Doing Business As (DBA) kapag: hindi kasama sa pangalan ng negosyo ang apelyido ng indibidwal na (mga) may-ari at bawat isa sa mga partner nito; ang pangalan ng negosyo ay nagmumungkahi ng pagkakaroon ng mga karagdagang may-ari; o ang katangian ng negosyo ay hindi maliwanag mula sa pangalan ng negosyo. Lagi itong nakukuha mula sa county kung saan matatagpuan ang negosyo.
- **Small Business Development Center** – Maaari din kayong magtanong sa inyong lokal na Small Business Development Center (SBDC). Nagbibigay ang mga SBDC ng tulong sa mga maliliit na negosyo na nagsisimula o lumalago, at nag-aalok ng libreng payo at pagkonsulta. Upang makahanap ng pinakamalapit sa inyo na SBDC, i-click ang link na ito at ilagay ang inyong zip code: http://americassbdc.org/home/find-your-sbdc/, maaaring mas makakapagbigay ang mga ito sa inyo ng payo sa mga lokal na kinakailangan.
- **Mga Kinakailangan sa Pangangalap para sa Pagkakawanggawa** – Maraming lungsod at county sa California ang nagpasa ng ordinansa kaugnay ng mga pangangalap para sa pagkakawanggawa upang protektahan ang kanilang mga mamamayan laban sa mapanlinlang na pangangalap. Ang mga ordinansang ito ay maaaring mag-atas sa mga kawanggawa at mga fundraiser para sa pagkakawanggawa na magrehistro at ipasertipika ang kanilang katayuan bilang hindi kailangang magbayad ng buwis (tax-exempt), kumuha ng lisensya sa pangangalap, at

mag-file ng accounting ng mga kinita mula sa fundraising. Ang karamihan sa mga county at malalaking lungsod sa California ay mayroong tanggapan para sa paglilisensya ng pangangalap para sa kawanggawa. Maaari itong hiwalay na departamento o bahagi ng departamento ng kapulisan o ng sheriff. Para sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng lungsod at county, kontakin ang mga ito.

**TOOL NA PANTULONG PARA SA ONLINE PERMIT:**

Maaari ninyong gamitin ang aming tool na pantulong para sa online permit, ang **CalGOLD** (www.calgold.ca.gov), upang matukoy ang impormasyon sa lokal, pang-estado at pederal na permit para sa mga negosyo. Ang online tool ay nagbibigay ng mga link ng webpage, mga application form, at impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa iba't ibang ahensya na nangangasiwa at nag-iisyu ng mga permit na ito. Para sa mga permit at pagrerehistro na pinapangasiwaan ng Estado ng California, nagsama rin ang CalGOLD ng Forms and Fee Finder na may direktang mga link sa mga aplikasyon at impormasyon sa bayarin. Kapag nasa website na kayo, ilagay ang inyong lungsod at uri ng negosyo. Kung ang inyong negosyo ay hindi nakalista, maaari ninyong piliin ang "Impormasyon sa Pangkalahatang Negosyo" para sa listahan ng mga pangkalahatang kinakailangan.

**MGA PAGSASAALANG-ALANG:**

Ang Gabay sa Mabilis na Pagsisimula na ito ay isa lang na mapagkukunan ng impormasyon mula sa maraming maaari ninyong mapagkunan. Maaaring nais ninyong isaalang-alang ang maraming mapagkukunan upang gumawa ng may-kabatirang desisyon. Kayo ang tanging responsable para sa paggawa ng desisyon tungkol sa kung paano bumuo at lumikha ng inyong negosyo. Kayo ang responsable sa pagtukoy kung naaangkop sa mga layunin ninyo ang impormasyon na nakuha ninyo sa pamamagitan ng paggamit ng Gabay na ito.

Bagama't nagsusumikap kaming tiyakin na ang aming impormasyon ay tumpak at kapaki-pakinabang, inirerekumenda namin na magkonsulta kayo sa isang abugado kung nais ninyo ng legal na payo o sinumang iba pang indibidwal o tagapagkaloob ng serbisyo para sa partikular na patnubay. Inaalok namin ito para sa mga layuning pagbibigay-kaalaman lang.

**PROP 65:**

Ang Proposition 65, opisyal na kilala bilang Safe Drinking Water and Toxic Enforcement Act of 1986, ay nag-aatas sa mga negosyo na magbigay ng malinaw at makatwirang babala bago may-kabatiran at sinasadyang ilantad ang sinuman sa mga kemikal na alam na nakapagdudulot ng kanser o mga depekto sa kapanganakan o iba pang pinsala sa reproduktibo. Mahalagang malaman na ang isang produkto na nakakatanggap ng sertipikasyon mula sa United States Food and Drug Administration, o iba pang pederal na ahensya o ahensya ng estado, ay hindi nangangahulugang exempt agad mula sa mga kinakailangan ng California para sa mga babala sa pagkakalantad sa kemikal. Dapat alam ng mga negosyo ang mga antas ng mapaminsalang kemikal sa kanilang mga produkto at ang mga naaangkop na kinakailangan sa Proposition 65. Para sa higit na impormasyon sa Proposition 65 at kung paano tumalima sa mga kinakailangan nito, bisitahin ang https://oehha.ca.gov/proposition-65